

Wala ka bang napapansin, sa iyong kapaligiran? Isang ekokritikal literaring analisis

Adigue, Andrea P. ✉

Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines (adigue.andrea@neust.edu.ph; andreadiguet@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

Received: 9 March 2023

Available Online: 12 April 2023

Revised: 6 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.24

Accepted: 12 April 2023

OPEN ACCESS

Abstract

Things that have a big impact are often overlooked, such as not considering the concept of environmental awareness. Institutions including the Higher Education Institution (HEI) are expected to cooperate in the extension of laws RA 9003 "An Act Providing for an Ecological Solid Waste Management" and RA 9512 "National Environmental Awareness and Education Act of 2008". The study aims to evaluate the lesson contents listed in the Syllabus of General Education (GE) and Professional Education (Prof.Ed) in the College of Education, Implications of Teaching on Students' Awareness and Skills, Implications for teachers, the college and administration; Proposed Solutions and Programs. Qualitative method was used, observing, inquiring, content analysis and interviewing. Descriptive method was also used, studying the current practice, standards and conditions. The essay photo or photo essay also became a focus.

Keywords: environmental awareness, environment, environmental education, waste segregation

Wala ka bang napapansin, sa iyong kapaligiran? Isang ekokritikal literaring analisis

1. Panimula

Ang krisis sa klima ay nagpapakita ng mapanganib na kahihinatnan ng sanlibutan at kapuna-puna ang labis na pagkunsumo at polusyon na nakapagdudulot ng malaking epketo sa pagkasira ng kapaligiran. Kung pakasusuriin, madalas na hindi nabibigyang tuon ang mga bagay na may malaking epketo, katulad na lamang ng hindi pagsasaalang-alang sa konsepto ng kamalayan sa kapaligiran o (*environmental awareness*). Ang 2030 agenda ng Sustainable Development bilang 13 "*Climate Action*" ay may layunin; Gumawa ng agarang aksyon upang labanan ang pagbabago ng klima at ang mga epekto nito. Palakasin ang katatagan at kakayahang umangkop sa mga panganib na nauugnay sa klima at natural na sakuna sa lahat ng bansa; Isama ang mga hakbang sa pagbabago ng klima sa mga pambansang patakaran, estratehiya at pagpapalano; at Pagbutihin ang edukasyon, pagpapataas ng kamalayan at kapasidad ng tao at institusyonal sa pagbabawas ng pagbabago ng klima, pagbagay, pagbabawas ng epekto at maagang babala (*SDG # 13.1-13.3, 2030*).

Kailangan panghawakan nang mahigpit ng bawat indibidwal at lipunan, na nararapat na minamahalaga, para sa kinabukasan ng ating planeta. Ayon sa seksyon 49 ng batas, ang sinomang mapatunayang lumalabag sa RA 9003 (*An Act Providing for an Ecological Solid Waste Management Program, Creating the Necessary Institutional Mechanisms and Incentives, Declaring Certain Acts Providing Penalties, Appropriating funds therefore, and for other purposes*), ay maaaring pagmultahin nang hindi bababa sa Php. 300.00 o isang araw na serbisyo sa komunidad at hindi hihigit sa Php 1,000,000.00 o isang taong pagkakabilango, ayon sa tindi ng paglabag.

Ayon ng naman sa Seksyon 52, ang sinomang Pilipino ay maaaring magsampa ng kaukulang demanda ng walang bayad laban sa sinomang lumabag sa RA 9003. Samakatuwid, ang sinomang magtapon ng basura sa kalye o sa anomang lugar na hindi pinahihintulutan ang pagtatapon ay maaaring sampahan ng demanda ng kahit sinong makakita sa kaniya. Inaasahan na katuwang ng pagpapalawig ng mga batas at pagsunod ang mga mag-aaral, ngunit papaano kung ang paglabag mismo sa isinasaad ng batas ay nangyayari sa loob mismo ng akademya? Ang edukasyon ay itinuturing bilang isang haligi ng pag-unlad at isang proseso kung saan ang isang kultura ay pormal na naipapasa sa isang mag-aaral. Isang proseso ng pagbabago sa kaalaman, pag-uugali, at kakayahan sa pormal at impormal na daluyan.

Sa kaso ng pag-aaral na ito, tinatayang may mataas na kamalayan sa kapaligiran ang mga mag-aaral lalo't higit na karamihan sa kanila ay produkto ng mandato ng Republic Act. No 8491 ng DepEd core values, Maka-Diyos, Maka-Tao, Makakalikasan at Makabansa. Dahil dito, naniniwala ang mananaliksik na habang tumataas ang lebel ng pag-iisip at kamalayan ng mag-aaral, ay tumataas din ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga bagay sa kanilang paligid at nagiging responsableng bahagi ng lipunan.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, naikonekta ng mananaliksik ang Ekokritisismo. "Para sa mga ekokritiko, ang kalikasan ay umiiral bilang isang likha na may sariling buhay. May epekto sa mga tao ang kalikasan at sa ganong kaparaanan ay naapektuhan din ng mga tao". (Barry, 1996). At ayon naman kay Henry David Thoreau, isang ekokritiko na nagsabing kapag ang tao ay nabigong matuto mula sa kanyang kalikasan, siya ay hindi lubos na nabubuhay. Pagsasaad din ni Glotfelty, "We are facing a global crisis today, not because of how are ecology systems function but rather because of our ethical system function."

Ang Ekokritisismo ay pinaikling anyo ng "Ecological Literary Criticism" na nagtatanghal sa kalikasan hindi lamang bilang teksto kundi isang indibidwal na may sariling entidad na may malaking papel bilang protagonist ng akda. Ayon kay Thomas K. Dean, ito ay pag-aaral ng kultura na may koneksiyon sa ugnayan ng tao sa kalikasan. Ito ay tugon sa mga pangangailangan, suliranin, o krisis na pangkapaligiran.

Binigyang diin sa pag-aaral ni (Nibalvos, 2020) nabanggit sa kanyang papel na “Hindi lámang sa kritisismo ang silbi ng isang ekokritiko, malaki rin ang gampanin niya sa paglikha ng mga akda na nakapagbubukás ng kamalayan sa nararanasang krisis pangkapaligiran.” Ang realidad o imaheng ipinakikita ng isang ekokritiko sa kaniyang mga likhang sining tulad ng patúloy na pagtatambak ng basura kung saan-saan, ang polusyon sa hangin at mga katubigan, pagpuputol ng mga punò, pagpatay sa mga hayop, ang di magandang pakikisalamuha ng tao sa kaniyang kapuwa na nagdudulot ng masamang epekto (direkta man o hindi) ay mga isyung hindi pinalalampas upang magbigay kaalaman, pag-unawa, at realisasyon sa mga nakababása, nakakikita o nakaririnig sa mga ito.

Samakutuwid, mahalaga ang pagpapataas ng kamalayan sa kapaligiran na maaaring magbigay ng bagong pagkakataon upang maging maayos at malinis ang kapaligiran. Mahalaga na ang bawat indibidwal na siyang tagapangala nang maayos, malinis at ligtas na paligid. Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga nilalamang aralin na nakatala sa *syllabus* ng mga *General Education (GE) at Professional Education (Prof. Ed.)* sa kolehiyo ng edukasyon, Implikasyon sa Kamalayan at Kasanayan ng mga mag-aaral, Solusyon at Programa.

1.1 Teoretikal na Batayan

Pinagbatayan ang *Climate Change Conspiracy Theory* na pumapatungkol sa klima, ito ay sumasang-ayon na ang aktibidad ng tao ay nagdudulot ng pandaigdigang klima na magbago sa mga paraan na magkakaroon ng hindi kanais-nais na mga kahihinatnan ng kapwa para sa kapaligiran at para sa sangkatauhan. Sa pag-aaral na ginawa ni (Nibalvos, 2020) pinagbatayan rin ang Ekokritisismo ni Glotfelty na nakasentro rin ang usapin ng ekokritisismo sa paglulugar sa tao sa mundong kaniyang ginagalawan at sa kaniyang pakikipag-ugnayan sa kaniyang kapuwa, sa kalikásan, at sa mga bagay na kaniyang kinakasangkapan upang mabúhay. Maging ang mga sistemang nalilikha sa kaniyang pakikipag-ugnayan tulad ng politika, ekonomiya, at kultura ay mahalagang nasisipat sa kritisismong pangkapaligiran.

2. Metodolohiya

Ang pagmamasid ang siyang naging unang hakdang sa pananaliksik, mula sa nakatawag pansin na mga bulto ng basura na hindi naihihiwalay ng tama at nailalagay sa dapat na kalagayan. Kinuhanan ng mga larawan ang mga tambak na basura sa buong kolehiyo ng Edukasyon at naging lunsaran ng pag-aaral at naka-angkla sa pamamaraang Ekokritisismo ni Glotfelty na nakasentro rin ang usapin ng ekokritisismo sa paglulugar sa tao sa mundong kaniyang ginagalawan at sa kaniyang pakikipag-ugnayan sa kaniyang kapuwa, sa kalikásan, at sa mga bagay na kaniyang kinakasangkapan upang mabúhay.

Naging batayan din ang mga nilalamang paksa o *content ng syllabus sa General Education (GE), at Professional subjects (Prof. Ed.)* bilang kuhanan ng mga naging paksa sa pagtuturo, nag beripika sa mga guro na nagtuturo ng asignatura kung mayroong bahagi sa kanilang aralin na may tuon sa kamalayan sa kapaligiran, at nag-usisa rin sa mga mag-aaral kung may natandaan sila na mga aralin hinggil sa usaping kamalayan sa kapaligiran.

Gamit ang Kuwalitatibong pamamaraan, nag-observa, nag-usisa, nagsuri sa nilalaman at nakipanayam. Ginamit rin ang Deskriptibong pamamaraan, pinag-aralan ang pangkasalukuyang ginagawa, pamantayan at kalagayan. Naging lente din ang sanaysay na larawan o *photo essay*. Ang mga litrato ay kadalasang ginagamit sa pananaliksik na pang-edukasyon, partikular na mga pag-aaral gamit ang mga pamamaraan ng pananaliksik sa *visual arts*. Ang mga *visual* at konseptuwal na relasyon na itinatag sa pagitan ng mga larawan sa kanilang sarili sa isang ulat ng pananaliksik ay mapagpasyahan para sa kalidad ng siyentipiko at masining.

Etika sa Pananaliksik: Ang mga ginamit na *syllabus* bilang kuhanan ng datos ay inihiningi ng permiso sa mga gurong nagtuturo at ang mga ginamit na larawan ay mga kuha mismo ng mananaliksik.

3. Kaalaman sa Kapaligiran at Konsepto sa Pangangalaga sa Kapaligiran

Ang mga pinsalang dulot ng labis na pagkonsumo ay nagdadala ng panganib sa kapaligiran. Kung titingnan ang mga pinsalang ito, malinaw na makikita na ang bawat indibidwal ay kasosyo sa pinsalang ito. Ang mga pang-araw-araw na gawi ay nakapagdudulot ng malalaking problema sa pamamagitan ng pagkasira ng kapaligiran. Sapat kaya na matugunan ang suliraning nabanggit sa pamamagitan ng mandato na R.A. 9512, na nilagdaan noong Disyembre 2008 na partikular na nanawagan para sa “*Integrasyon ng Environmental Education sa School Curricula sa lahat ng antas, pampubliko man o pribado, kabilang ang sa barangay daycare, preschool, non-formal, technical vocational, professional level, indigenous learning at out-of-school youth courses o mga programa*”.

Ang batas ay binibigyang kahulugan ang “*edukasyon sa kapaligiran*” nang malawakan bilang pagsasama ng mga konsepto at prinsipyo sa kapaligiran; mga batas sa kapaligiran; ang estado ng internasyonal at lokal na kapaligiran; local environmental best practices”; ang mga banta ng pagkasira ng kapaligiran at ang epekto nito sa kapakanan ng tao; ang responsibilidad ng mamamayan sa kapaligiran; ang halaga ng konserbasyon, proteksyon at rehabilitasyon ng mga likas na yaman; at, ang kapaligiran sa konteksto ng napapanatiling pag-unlad. Sinabi rin nito na ang paraan ng pagtuturo ay dapat sumaklaw sa parehong teoretikal at *practicum modules* na binubuo ng mga aktibidad, proyekto, programa na kinabibilangan, bukod sa iba pa, *tree planting*; paglilimita ng basura, paghihiwalay, *pag-recycle* at *pag-compost*; konserbasyon ng tubig-tabang at dagat; pamamahala at pangangalaga sa kagubatan; mga kaugnay na pagkakataon sa kabuhayan at mga benepisyong pangkabuhayan. natasan ng *Commission on Higher Education (CHED)* ang lahat ng *Higher Education Institutions (HEIs)* na isama ang *Environmental Education* sa kurikulum, partikular na ang *Civic Welfare and Training Services component ng National Service Training Program (CWTS-NSTP)*.

Sa artikulong nailathala ng Department of Environment and Natural Resources, National Capital Region sa kanilang 2021 National Environmental Awareness Month, binanggit na mahigit isang dekada ng naipasa ang batas RA 9512, kilala sa tawag na “National Environmental Awareness and Education Act of 2008”. Matapos na maipasa ang batas, ang pangangailangan para sa patuloy na edukasyon at pakikipag-ugnayan ng mga kabataan at pangkalahatang publiko sa isyu ng kapaligiran ay mas lalaong kinakailangang paigtingin pa sapagkat, ang Pilipinas ang isa sa Timog Asya na may pinakamaraming basurang plastik sa mundo na pumapasok at napupunta sa ating karagatan. Ang ganitong kalagayan ang isang higit na dapat pagtuunan ng pansin, higit sa lahat dahil sa kawalan ng kamalayan ng publiko sa epekto ng kanilang mga desisyon at aksyon itoy nagreresulta ng paglala ng ating kapaligiran. Idineklara ng Section 5 ng Republic Act No. 9512, na kilala rin bilang “National Environmental Awareness and Education Act of 2008”, ang buwan ng Nobyembre bilang National Environmental Awareness Month upang isulong ang kamalayan, lalo na sa mga kabataan, sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman at ang napapanatiling paglago at pag-unlad ng ating bansa.

Inilunsad ng DENR sa publiko ang isang *photo exhibit* na ginanap sa SM City Clark, Pampanga noong December 6, 2022, na pinamagatang “*Renews call for proper waste segregation*”. Binigyang diin ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* ang kanilang panawagan para sa mas pinaigting na kasanayan sa tamang paghihiwalay ng basura, sa pamamagitan ng *Regional debut ng Pinas: The Basura Buster (PBB)*, isang maskot na nilalayong hikayatin ang publiko sa Gitnang Luzon tungo sa *ecological solid waste management (ESWM)*. Sa kanyang mensahe, binanggit ni DENR Undersecretary for Luzon, Visayas and Environment Juan Miguel Cuna na sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kamalayan ng publiko tungo sa ESWM, ang mga pagsisikap ng pamahalaan na isulong ang tamang segregation sa pinagmulan ay magpapalaya sa mga estero at ilog mula sa basura at iba pang polusyon. Hinimok ni Cuna ang publiko at ganito ang kaniyang sinabi “*I call on everyone’s support in this endeavor of making all communities in Region 3 trash-free, let us all work in the spirit of solidarity, and collectively pledge a commitment to reuse, recycle, and reduce our waste for a better future,*”.

Samantala, si *DENR Strategic Communication and Initiatives Service (SCIS)* Director Khalil Bayam ay naghatid ng pangunahing mensahe sa panahon ng aktibidad sa SM City Clark, na binibigyang-diin na ang

aktibidad na ito at ang Pinas Basura Buster Mobile application ay naglalayong palakasin ang mga halaga para sa wastong paghihiwalay ng basura alinsunod sa mga layunin ng Republic Act 9003 o ang *Ecological Solid Waste Management Act*. “*With the help of this new icon, our youth will rise to the challenge of ever-increasing solid waste and find creative ways of turning our trash into a resource,*” sabi ni Moreno.

Pinalalakas din ng DENR National Capital Region ang pakikipagtulungan nito sa mga paaralan, barangay, at organisasyon mula sa publiko at pribadong sektor sa katutubo sa pagsasagawa ng mga webinar at aktibidad na may kaugnayan sa kapaligiran upang magkaroon ng kamalayan at pagpapahalaga sa ating tungkulin bilang mga tagapangasiwa ng paglikha ng kalikasan. Ang ating kapaligiran ay nangangailangan ng pangangalaga at proteksyon ngayon higit kailanman. Magtulungan tayong lahat sa pagbabago ng pananaw, pag-uugali, at gawi ng mga tao na nakakasira sa kapaligiran.

4. Ang Kahalaghan ng Pagkakaroon ng Kamalayan at Pagpapahalaga sa Kapaligiran at Kalikasan

Ang suliranin o problema ng pagpapahalaga (value) ay nasasarili ng etika, isang sangay ng pilosopiya. Ito ang tinatawag na *axiology* na hango sa salitang Griyego *axios*, “nararapat” at *logos*, “salita”; *samakatuwid*, “salitang tungkol sa nararapat”. Maari bang iwaksi ang pagpapahalaga sa kamalayan ng tao? Sa palagay ko ay hindi. Lahat ng gawaing may malay ng tao ay laging may taglay na halaga at presyo. Ganoon pa man, mahirap iguhit ang kahulugan ng pagpapahalaga at lalong matiyak ang pinagmulan. Kung ang pagpapahalaga ay kahalo na sa lahat ng ating gawaing may malay, nararapat na ipagwalang-bahala na lamang ito, at kung ang agham ay hindi makatakas sa pagpapahalaga, nararapat na maging datos ito ng agham. Ngunit hindi maaring ipagwalang bahala ang pagpapahalaga sapagkat ito ang batayan ng ating pagkatao, at hindi rin naman maaaring suriin ang agham ng pagpapahalaga dahil wala itong tiyak na kahulugan. Ang pilosopiya lamang ang maaaring magsuri at makapagpaliwanag sa pagpapahalaga.

Ayon kay (Quito, 1984) may dalawang uri ng pagpapahalaga ang tao: ang kamalayan ng pagpapahalaga (*sense of values*) at ang antas ng pagpapahalaga (*scale of values*). Mayroong dawalang palapag ng pagpapahalaga sa diwa ng tao: ang unang palapag (*primary level*) at ang ikalawang palapag (*secondary level*). Ang ating kamalayan ng pagpapahalaga ay nasa unang palapag, at ang antas ng pagpapahalaga ay nasa ikalawang palapag.

Ang antas ng pagpapahalaga ay nasa pagitan ng dalawang dulo ng kamalayan ng pagpapahalaga kung saan nakabaon ang moralidad o kung ano ang mabuti at masama. Lahat ng ginagawang may kusa at sadya ay nanggagaling sa antas ng pagpapagal na nakabatay sa nakabaong kamalayan ng pagpapahalaga. Ang ating kalayaan ay pabalik-balik lamang sa dalawang dulo ng unang palapag. Ayon kay (Freud, 1962) nagsasaad na mayroon din tayong *Super-Ego* bilang isang polis na nangangasiwa sa ating mga gawain habang tayo ay gising at may malay. Ang *Super-Ego* ay nagbabawal, sumusupil sa mga katutubong hilig. Ang *Super-Ego* ay bunga ng edukasyon at lipunan. Kapag tayo ay nasa panganib at walang panahong mag-isip, ang kamalayan ng pagpapahalaga ang mangingibabaw at hindi ang kalayan. Sa ganitong pagpapakahulugang teorya na nabanggit ni (Quito, 1984) maikokonekta kung bakit nakapahalaga sa isang mag-aaral o indibidwal ang pagkakaroon ng kamalayan sa kapaligiran at kalikasan.

Pasok sa pag-aaral na ito ang artikulong “Why Environmental Education is Important, na binanggit ni Ms. Campbell, California’s Superintendent of San Mateo County Schools”. Ang edukasyong pangkapaligiran ay nagbibigay ng mahahalagang pagkakataon para sa mga mag-aaral na masangkot sa totoong mga isyu sa mundo na lumalampas sa mga pader ng silid-aralan. Nakikita nila ang kaugnayan ng kanilang mga pag-aaral sa silid-aralan sa mga kumplikadong isyu sa kapaligiran na kinakaharap ng ating planeta at maaari nilang makuha ang mga kasanayang kakailanganin nila upang maging malikhaing taga resolba ng problema at makapangyarihang tagapagtaguyod.”

Patuloy na binabalaan ng mga siyentipiko ang mundo tungkol sa pagtaas ng produksyon ng basura at itinuturo ang kahalagahan ng wastong pamamahala ng basura. Ang basura ay may iba’t ibang anyo at kailangang

iba-iba ang pagharap. Samakatuwid, ang pag-unawa sa paghihiwalay ng basura at kung paano paghiwalayin ang basura ay mahalaga sa pagkamit ng pangkalahatang mga layunin sa pamamahala ng basura.

5. Mga Asignaturang may Intergrasyon na Aralin sa Kamalayan sa Kapaligiran

Ang mga Araling may Kamalayan sa Kapaligiran na sinuri at kinuha mula sa mga syllabus na ipinasa ng mga guro mula una hanggang ikalawang semestre taong 2019-2022. Matapos na isa-isahing tingnan at suriin ang mga nilalaman ng kurso, pinili at kinuha partikular ang mga paksang may kinalaman sa kamalayan sa kapaligiran, ang mananaliksik ay nag beripika sa mga gurong nagtuturo ng mga asignatura upang matiyak ang pagiging balido ng ginawang pagsusuri sa mga ipinasang syllabus.

| Mga Asignatura sa Kolehiyo (General Education & Professional Education) | Course Description | Mga Araling may Tuon na Kamalayan sa Kapaligiran |
|---|---|---|
| Filipino 1 | Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino | *Mga Napapanahong isyung Lokal at Nasyonal *Kalagayan ng serbisyong pabahay, pangakalusugan, transportasyon, edukasyon atbp. *Bagyo, baha, polusyon, mabilis na urbanisasyon, malawakang pag(ka) wasak ng mga Kalikasan, climate change atbp. |
| Filipino 2 | Filipino sa Iba't ibang Disiplina | *Filipino sa Siyensya, Matematika, Inhenyeriya at iba Pang Kaugnay na Larangan |
| NSTP 1 | National Service Training Program | *Environmental Protection and Disaster Risk Management *Protection of the Environment isa a Global Issue *Causes of Environmental Degradation *Climate Change * Other Impacts of Climate Change *Ways of Adapting to the Environment |
| NSTP 2 | National Service Training Program 2 | *Ethics and attributes in Community work *What is Community Immersion? *Why Immersion is an important approach in giving service to the community? |
| PE 1 | Advanced Gymnastic and Physical Fitness | Wala |
| PE 2 | Rythmic Activities | Wala |
| PE 3 | Team Sport | Wala |
| PE 4 | Physical Education | Wala |
| Gen Ed 1 | Understanding the Self | *The Self as a product of modern society among other constructions Developing a Filipino Identity: Values, Traits, Community and Institutional factors |
| Gen Ed 2 | Reading in Philippine History | *Social, political, economic and cultural issues in Philippine History |
| Gen Ed 3 (| The Contemporary World | *Introduction to the Study of Globalization *Towards Sustainable World * Sustainable Development * Global Population and Mobility *Global Citizenship |
| Gen Ed 4 | Math in the Modern World | Wala |
| Gen Ed 5 | Purposive Communication | Wala |
| Gen Ed 6 | Art Appreciation | Wala Wala |
| Gen Ed 7 | Science, Technology and Society | Mandated Topics: Climate Change |
| Gen Ed 8 | Ethics | Wala |
| Gen Ed 9 | Life and Works of Rizal | Wala |
| PROF ED 1 | The Teaching Profession | Acknowledging the role of Globalization to education |
| PROF ED 2 | The Child and Adolescent Learner and Learning Principles | Wala |
| PROF ED 3 | Facilitating Learner- Centered Teaching: The Learner Centered | Wala |

| | Approaches | |
|------------|--|--|
| PROF ED 4 | Technology for Teaching and Learning 1 | Wala |
| PROF ED 5 | The Teacher and the School Curriculum | Wala |
| PROF ED 6 | Assessment in Learning 1 | Wala |
| PROF ED 7 | Building and Enhancing New Literacies Across the Curriculum with Emphasis on the 21 st Century Skills | *Ecological Literacy Explore *Environmental Literacy, Ecological Literacy, and Ecoliterary * Greening Initiatives in Colleges and Universities |
| PROF ED 8 | Assessment in Learning 2 | Wala |
| PROF ED 9 | Foundation of Special and Inclusive Education | Wala |
| PROF ED 10 | The Teacher and the Community, School Culture and Organizational Leadership | Wala |
| PROF ED 11 | Technology Research 1 | Wala |
| PROF ED 12 | Field Study 1 | Wala |
| PROF ED 13 | Field Study 2 | Wala |
| PROF ED 14 | Teaching Internship | Wala |

Ang mga mag-aaral ay nailantad na sa mga prinsipyo at usapin na tungkol sa kalikasan partikular sa kanilang unang taon habang nasa klase sa NSTP o sa klase sa siyentipikong pag-aaral habang nasa sekondarya o elementarya. Gayunpaman, kakikitaan pa rin sila ng hindi pag-aangkop sa kanilang kinikilos at paggawa hinggil sa kamalayang pangkapaligiran. Sampu ang asignaturang nataya na may pagtalakay o pahapyaw na aralin sa kamalayang pangkapaligiran.


Napakahalaga ng Edukasyong Pangkapaligiran sa papel sa ginagampanan ng mga guro at mag-aaral sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Sa kabila ng katotohanan na maraming asignatura na itunuturo at may pahapyaw na sa kamalayan sa kapaligiran, kapansin-pansin na dahop pa rin sa kamulatan at pananagutang pangkapaligiran ay mabilis naglalaho pagkatapos ng kanilang mga kurso.

Sa pag-aaral ni (Lopez, 2019) ang pangkapaligirang pagpapahalaga ay makakamit sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa pilosopiya, pagpapahalagang pangkalikasan at mga dinamikong panlipunan, mga metodo sa implementasyon para sa uri ng pagpapahalagang-pang-edukasyon batay sa moral na pagsulong, analitikong mga kasanayan, aktibong pagkatuto, at karunungan pangkalikasan sa mga pangkapaligirang edukasyon sa konteksto ng pormal at di-pormal na mga institusyong pang-edukasyon. Isang parehong modelo ang iminungkahi ni (Abamo, 2012) batay sa eksperimentong ginawa.

6. Mga Halimbawang Sitwasyon sa Kolehiyo ng Edukasyon na Nakatawag ng Pansin

Sa kabila ng pagkakaroon ng mga batas tulad ng Akta Republika 9512- Pambansang Kamalayan sa Edukasyong Pangkalikasan 2008; Republic Act 9003 o ang *Ecological Solid Waste Management Act*. At ang Republic Act. No 8491 ng DepEd core values, Maka-Diyos, Maka-Tao, Makakalikasan at Makabansa ay isa pa ring malaking suliranin ang panatilihin ang kalikasan. Sa dinami-dami ng mga inisyatibang ito, tila ba isang katanungan pa ring kung paaano ba dapat matuguan ang suliranin sa tamang pagtatapon ng mga basura. Ang mga kuhanang larawan ng mananaliskik ay isang paraan upang mas yumabong ang interes sa usapin o diskursong pang-kalikasan. Marahil ang kasagutan ay ang tingnan ang problema bilang isang isyu na nakakabit ng mga ideolohiyang pumapaimbabaw sa lipunan.

Ang basura ay isang salita na may maraming kahulugan para sa mga Filipino. Maaaring ipakahulugan dito ang mga bagay na nabubulok at bumabaho, mga bagay na matapos pakinabangan ay itinatapon na lamang. Ang pag-aaral na ito ay naglayong ipakita ang halaga ng pagkakaroon ng kamalayan sa kapaligiran, upang matutong magmahal sa ating kalikasan at upang maiwaksi ang hindi magandang ekspresyon ng mga Pilipino na paulit-ulit na gawi ng isang tao, ito ay ang katagang “kinain na ng sistema”.



Napapanahon na at nararapat na maging isang *ecologically literate* na indibidwal ng ika-21 siglo ang mag-aaral, nararapat na maging "*responsible, lifelong learner*" na nagsusumikap na mapabuti ang kalagayan ng tao at ang kapaligiran sa loob ng konteksto ng sarili, ayon kay (Puk, 2002) of *Lakehead University*.

Upang maging ekoliterate (*ecologically literate*) ang isang tao ayon kay (Puk, 2002) naririto ang mga dapat na taglayin: 1. Palatanong- aktibong tinitiyak ang mga pangunahing kasanayan at kaalaman upang maisagawa ang mga responsibilidad sa ekolohiya; 2. Mapanuri- nauunawaan ang halaga at mga limitasyon ng kaalaman ng tao, ang kapangyarihan at mga limitasyon sa mundo, ang papel ng intuwisyon sa totoong buhay na mga hangarin, at ang papel ng sarili kung paano ito ipinapakita sa personal na salaysay ng isang tao; 3. *Responsible-*, na namamahala sa mga aksyon na may mga alituntunin (pananagutan, naghahanap ng katarungan at pagkakapantay-pantay para sa lahat), responsible sa ekolohiya, na naglalaman ng mga mithiin sa ekolohiya sa buhay na pang-araw-araw.

Mula sa pag-aanalisa, kinakailangan ng mga guro na magtaglay ng mga kakayahang pangkapaligiran, at sa dakong huli, ang pagsasanay sa Edukasyong Pangkapaligiran ay isama bilang pangangailangan para sa matagumpay na pagkamit ng digri. Ang mga kakayahang ito ay maaaring maisama sa mga mag-aaral na magiging guro.

7. Implikasyon

7.1 Implikasyon ng Pagtuturo sa Kamalayan at Kasanayan ng mga Mag-aaral

Ang mga araling itinuturo sa mga mag-aaral ay may malaking epekto. Inaasahang may malaking maitutulong sa mga mag-aaral ang pag-unawa kung papaano nakakaapekto ang kanilang mga desisyon at aksyon sa kapaligiran, bumuo ng kaalaman at kasanayang kinakailangan upang matugunan ang mga komplikadong isyu sa kapaligiran, pati na rin ang mga paraan na makakagawa ng aksyon upang mapanatiling maayos, malinis ang ating kapaligiran para sa hinaharap.

Mahalagang tandaan batay sa pananaliksik na kinakailangan ang pagsasagawa ng mga modelong pagsasanay na tatalakay kapuwa sa pangkapaligirang mga kasanayan ng mga guro sa hinaharap at mabigyan sila ng sapat na pedagohikong karanasan upang ang mga kasanayang ito ay maging panggurong mga kakayahan at kaangkupan sa kanilang tungkulin bilang mga guro sa hinaharap. (Hsu, 2004).

Disiplina at Kalinisan- Bilang mga guro sa hinaharap, dapat tayong managot hindi lamang sa pagiging guro, kundi maging sa pagiging mamamayang nagmamalasakit sa ating kalikasan. Sa bawat bagay na ginagawa natin ay maaari na nating pangalagaan ang kalikasan sa simpleng mga bagay gaya ng pagtatapon ng wastong basura. Marapat lamang na gawin natin ang ating responsibilidad at dapat alam din natin kung paano ito nakakaapekto sa buhay ng tao. Kailangan hangga't maaga pa ay sinasanay na natin ang ating sarili na maging responsible at disiplinado sa aspektong nabanggit. Sa pag-aaral ni (Adigue, 2023) binigyaan diin na tunay na malaki ang pangangailangan para sa paglalangkap ng kamalayang sa pangkalikasan, na lalo higit na makatutulong ang mga araling makapagbubukas sa mahalagang kamalayan ng mga mag-aaral.

Tamang Pagtatapon at Pagsasama-sama ng Basura- Kahit sa simpleng pagtatapon ng basura ay may malaking epekto sa daigdig. Ang mga hilig sa pagkain ng kung ano-ano na nakabalot sa plastic ay labis na nakadaragdag sa basura, subalit kung itatapon ito ng maayos at tama ay hindi makadaragdag sa hindi wastong pagtatapon ng basura.

3Rs- Reduce, Re-use, Recycle- Marapat rin na tayo'y maging malikhain sa paggamit ng mga basurang tinatawag na "Recyclable". Yung mga plastic ay maaaring gawing palamuti, ang mga *paper bag* na mula sa *supermarket* ay maaari pang magamit sa susunod. Maaari ring lumahok sa mga programang naglalayaong mapabuti ang ating kalikasan, mga proyektong pang barangay at paglahok sa mga seminar kaugnay sa ating pangangalaga sa kapaligiran.

7.2 *Implikasyon sa mga guro ng pagtuturo ng mga kamalayang pangkapaligiran sa mga mag-aaral*

Ang kaalaman lamang ang maaaring magbigay ng kapangyarihan sa mga indibidwal na gumawa ng mga kapaki-pakinabang na aksyon. Batay sa ginawang pag-aanalisa, makikita na hindi pa rin naisasabuhay ng mga mag-aaral ang pangangalaga sa kapaligiran, higit lalo na sa segregasyon ng mga basura. Ang guro na siyang tagapagturo ay may malaking impluwesya sa kinahihinatnan ng isang mag-aaral. Ang mga guro ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng kaalaman sa pag-unawa sa mga pandaigdigang isyu sa kapaligiran. Itinataguyod ng mga guro ang halaga ng pakikilahok ng komunidad sa pagpigil at paglutas ng mga problema sa kapaligiran. Hinihikayat ng mga guro ang kanilang mga mag-aaral na maging mas responsible sa kapaligiran na may pananagutan bilang isang mamamayan.

Nabanggit sa artikulo ng Earth Reminder for Everyone kung "Ano ang Papel ng Guro sa Edukasyong Pangkapaligiran?" Ang pinakamahirap na bahagi ng edukasyong pangkalikasan ay ang ituro sa mga mag-aaral ang mga halaga ng kapaligiran sa paraang madaling maunawaan. Samakatuwid, kailangan ng espesyal na atensyon sa pamamaraan ng pagtuturo para sa isang mas mahusay na pag-unawa sa mga isyu sa kapaligiran. Upang magsimula sa, sa pangunahing antas, ang visual at creative na diskarte sa pag-aaral ay maaaring maging lubos na epektibo para sa mga bata na maunawaan ang mga pangunahing konsepto ng kapaligiran.

7.3 *Implikasyon sa kolehiyo at administrasyon ng pagtuturo ng mga kamalayang pangkapaligiran sa mga-aaral*

Ang paaralan ay isang pundasyon upang hubugin ang kaisapan, pag-uugali ng mga mag-aaral na may pananagutan sa kanyang lipunang kinabibilangan. Sa ginawang pag-aanalisa sa nilalaman ng mga *syllabus* ng programang pang-edukasyon, sampu sa mga naitalang asignatura ang may pahapyaw na pagtalakay sa kamalayang pangkalikasan. Ipinalalagay ng mananaliksik na ito ay hindi nagiging sapat upang matugunan ang kaalamang pangkapaligiran. Ang edukasyong pangkapaligiran ay ang larangan ng edukasyon na malimit na mapag-ukulan ng pansin. Kung kaya't inirerekomenda ng Kagawaran ng Edukasyon na idirekta ang mga paksang lokal na nilalaman ng edukasyon sa kapaligiran at etika sa kapaligiran at makatutulong ang pagbuo ng

kurikulum na nakabatay sa kapaligiran. Mula sa pananaliksik ni (Lopez, 2019) at (Ajiboye ,2008), *napagtantong sa pag-uugnay ng pangkapaligirang kasanayan sa primerang digring mga plano sa 23 Español na mga pamantasan. Binibigyang-diin ang kawalan ng partikular na pagsasanay sa Edukasyong Pangkapaligiran sa pangkurikulum na mga digri: mayroon lamang 26% ng mga programa ang nakasama sa partikular na asignaturang EP, at parating may opsyon para sa mga mag-aaral. Sa buod sa pananaliksik na nabanggit, mahalagang ipakita na ang pananaliksik ay makapagbibigay-diin sa pagpapakilala ng mga asignaturang EP at mga modyul ng mga kurikulum sa mga inaasintang mga kurso para sa mga guro.*

7.4 Mungkahing Solusyon at Programa para sa mga mag-aaral, mga guro, sa kolehiyo at administrasyon sa Pagpapalaganap ng Kamalayang Pangkapaligiran

Sa kasalukuyan, ang bansa ay may naisakatuparan nang mga batas na Akta Republika 9512- Pambansang kamalayan sa Edukasyong Pangkalikasan 2008 na hindi lamang ang pamahalaan kundi ang sa lahat na mamamayan na lumahok at sumuporta sa pagpapatatag at pagpapaigting sa pangangalaga ng kalikasan. Bilang suporta sa batas na nabanggit, ang edukasyong seksyon ay nangangailangang gumawa ng aksyon sa ganitong tungkulin sa edukasyong pangkalikasan sa ibat'ibang sektor. Ang DOST ay inaatasan na lumikha ng mga programa na magtitiyak na ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng dekalidad na impormasyon na nakabatay sa agham tungkol sa mga isyu sa kapaligiran upang hikayatin ang pagbuo ng mga solusyon, kagamitan, kagamitan at pasilidad na pangkalikasan. Isinasaad din sa Seksyon 7. Na ang mga ahensyang tulad ng DepEd, CHED at TESDA, sa pakikipag-ugnayan sa DENR at iba pang kaugnay na ahensya, ay magsasagawa ng mga programa na magtatagayod sa buong bansa tulad ng mga pagsasanay, seminar, workshop tungkol sa edukasyong pangkalikasan, pagpapaunlad at paggawa ng mga materyales sa edukasyong pangkalikasan, at mga kurso sa edukasyong pangguro at kaugnay na mga programang pangkabuhayan. (Seksiyon 6 at 7, RA 9512).

7.5 Mungkahing Solusyon para sa mga guro sa Pagpapalaganap ng Kamalayang Pangkapaligiran

Ang pagkakaroon ng *training* o pagsasanay sa mga guro kung papaano dapat ituro ay isama bilang integrasyon sa mga asignatura ang pagkakaroon ng pangkapaligirang edukasyon o *environmental education* ay may malaking maitutulong. Makatutulong rin ang pagbibigay ng mga basahin sa kamalayan sa kapaligiran, sa bawat asignatura upang maging malawak at malay sa mga isyu at kalagayan ng kapaligiran at ng sa ganoon ay magsilbing kampanya sa pagkalinga sa kalikasan. Magbigay ng mga aktibidad na may kinalaman sa kalikasan na may kaugnayan sa pangangalaga sa kapaligiran, tulad ng mga operasyon sa paglilinis, pagbisita sa mga sakahan at *nursery* upang matutuhan mismo kung paano mag-aalaga ng mga hayop at halaman, mga kurso at workshop sa *pag-recycle*, atbp.

7.6 Mungkahing Solusyon para sa kolehiyo at administrasyon sa Pagpapalaganap ng Kamalayang Pangkapaligiran

Ang Upang mapalaganap ang pagpapahalaga sa kamalayan sa kapaligiran, iminungkahi sa ginawang pag-aaral ni (Lopez, 2019) ang mga kasanayang tumutukoy sa kaalaman at kakayahang maisagawa ang Edukasyong Pangkapaligiran (EP) sa kurikulum ng paaralan at ang kaalaman hinggil sa ekolohiya at pangkapaligirang mga isyung taglay ng mga guro. Upang mapalaganap ang EP sa mga paaralan, binanggit na ang ganitong disiplina ay kinakailangang maipatupad sa mga programang pangguro sa edukasyon at kinakailangan maisakatuparan sa pamamagitan ng tuwirang-disiplinang pamamaraan, at sa lahat ng asignatura ng kurikulum at mga modyul.

Sa prinsipyong nabanggit, nais din na mai-mungkahi ng mananaliksik na “ma-adopt” ang ganitong programa na maisama sa kurikulum ang Edukasyong Pangkapaligiran (EP) bilang asignatura sa lahat ng mga magiging guro. Iminumungkahi rin na magkaroon ng programa sa pamamagitan ng mga Club or organisasyon sa kolehiyo na magdaos ng mga aktibidad sa loob ng isang semetre, kagaya ng *The Basura Buster*, na maaaring kontest sa *pag-recycle* ng mga basura at ang awtput ay kapaki-pakinabang para sa komunidad. Ang maliit na

hakbang tulad ng pagbabago sa mga gawi sa tamang pagtatapon, pagbabawas ng basura at labis na pagkonsumo ay makatutulong.

7.7 Pagkilala

Taos-pusong pasasalamat ng mananaliksik sa mga kasamahang guro, sa dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon at sa patuloy na pagsuporta ng Nueva Ecija University of Science and Technology.

8. Mga sanggunian

- Alata, E. J. P., & Ignacio, E. J. T. (2019). *Building and enhancing new literacies across the curriculum*. Rex Book Store.
- Adigue, A. P. (2023). Kontekstwal na pagsusuri sa mga kuwentong pambata: Tuon ang kuwentong pangkalikasan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 9(2), 113-122. <https://eprajournals.net/index.php/IJMR/article/view/1477>
- Adigue, A. P. (2022). Ugnayan ng kuwentong pambata at kuwentong pangkalikasan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 8(10), 257-262. <https://eprajournals.com/IJMR/article/9584>
- F., & F. (2022, February 17). What is the role of teacher in environmental education? *Earth Reminder*. <https://www.earthreminder.com/role-of-teacher-in-environmental-education/>
- L. (2021, November 29). Ano ang environmental awareness? Paano gumawa ng kamalayan sa kapaligiran? *RayHaber | RailyNews*. <https://tl.rayhaber.com/2021/11/ano-ang-kamalayan-sa-kapaligiran-paano-nabuo-ang-kamalayan-sa-kapaligiran/#:~:text=Ang%20pagpapataas%20ng%20kamalayan%20sa.ng%20mga%20mapagkukunan%20ng%20mundo>
- Leyretana, R. P. (2018). *Ang mga mukha ng paniniil ni Iris Marion Young at Ekofeminismo: Tungo sa pagpapaunlad ng diskursong Pang-Kalikasan*. 11th DLSU Arts Congress De La Salle University, Philippines.
- Lopez, L. M. (2019). Pagpapalaganap sa edukasyong pangkalikasan sa mga kursong edukasyong Filipino. *BU R&D Journal*, 22(2), 1-11.
- Nibalvos, I. M. P. (2020). Ugnayan ng mga ugnayan: Ang pag-usbong ng Ekokritisismo bilang batayang kaisipan sa Panunuring Pampantikan. *Hasaan, Tomo*, 6(1), 178-192.
- Pontemayor, F. B., Dacillio, F. M., Zarate, M.E., Vistal, V. R., & Villaba, J E. M. (2019). Masdan mo ang kapaligiran: Isang ekokritikal literaring analisis. *Dalumat E-journal, Tomo*, 5(2).
- Press Releases. (2023, January 25). <https://r3.denr.gov.ph/index.php/news-events/press-releases>
- Quito, E. S. (1984). *Isang teorya ng pagpapahalaga*. <https://ejournals.ph/article.php?id=7683>
- Regional Public Affairs Office. (n.d.). *National Environmental Awareness Month 2021*. <https://ncr.denr.gov.ph/index.php/news-events/press-releases/national-environmental-awareness-month-2021>
- Transforming our world: the 2030 Agenda for Sustainable Development | Department of Economic and Social Affairs. (n.d.). <https://sdgs.un.org/2030agenda>
- Uscinski, J., Douglas, K., & Lewandowsky, S. (2023). Climate change conspiracy theories. *Oxford Research Encyclopedia of Climate Science*.
- Villalba, J. E. M. (2019). Masdan mo ang Kapaligiran: Isang Ekokritikal literaring analisis. *Dalumat Journal, Tomo*, 5(2).
- Why Environmental Education is Important - Project Learning Tree. (2016, December 7). *Project learning tree*. <https://www.plt.org/about-us/why-environmental-education-is-important/>

